

# 1

May nakaguhit na ngiti sa mga labi ni Annika habang naglalakad sa bakuran ng *Villa Arguello*. Dati ay nagpupunta lang siya sa lugar na iyon kapag kailangan doon ang serbisyo ng nanay niyang si Edith at isinasama siya para sa anumang puwede niyang maitulong. Pero ngayon ay naroon siya para i-explore ang ilang bahagi ng bahay na sabi nga ng marami ay malapit nang maging kanya.

Napagawi ang tingin niya sa garden at nakita roon si Brandon.

“That precisely is the reason why I’m here, so don’t worry, okay? I’m working on it,” narinig niyang sinasabi nito nang lapitan niya.

Ayaw sana niya itong istorbohin, pero naisip niyang hindi tama na tumuloy siya sa loob ng bahay nang hindi ito binabati man lang. After all, ang binata pa rin ang nag-iisang tagapagmana ng bahay na iyon at ng buong *Arguello Property*, ang pinakamalawak na ari-arian sa bayan na iyon ng Ilagan, Isabela. Besides, hindi puwedeng basta na lang lagpasan ng isang babaeng malapit nang ikasal ang kanyang mapapangasawa.

“Of course not,” patuloy ng lalaki. “Being here for seven months doesn’t mean I like it here that much, you know. Kaya

magkikita pa rin tayo. Tuloy ang plano and we'll be goddamn rich!"

Hindi man lubusang naintindihan ay bahagyang napakurap si Annika sa narinig. Pero bago pa niya mapag-isipan kung ano ang ibig sabihin ni Brandon ay nalingunan na siya nito. Nagulat pa ito nang makita siya.

"Annika! Hi! Kanina ka pa ba riyan?" Ibinaba nito ang cellphone nang hindi nakakapagpaalam sa kausap.

"H-hindi naman," iling niya. "Sino 'yung kausap mo?"

"Si... Aidan, kaibigan ko."

"Hindi mo pa yata nababanggit sa 'kin na may kaibigan kang Aidan ang pangalan."

"Hindi pa ba?" Hinawi nito mula sa kanyang pisngi ang ilang hibla ng buhok niyang inililipad ng hangin. "Don't worry, magkakaroon tayo ng maraming pagkakataon to talk about other people around us, as well as 'yung ibang mga bagay-bagay tungkol sa 'tin. Malapit na 'yun."

Bahagyang nagbaba ng tingin ang dalaga nang maramdaman ang pagdaiti ng dulo ng daliri ni Brandon sa kanyang pisngi. Para kasi iyong maliliit na hibla ng livewire na may kakayahang magpa-react sa ilang bahagi ng katawan niya. "Inimbata mo ba siya?" tanong niya.

"I did. Pero hindi siya makakarating."

“Bakit?”

“He’s in the States at hindi siya puwedeng basta na lang bumiyahе papunta rito.”

“Ganoon ba?” Ibinalik niya rito ang tingin. “Bakit s’abi mo magkikita rin kayo? Ibig sabihin, may balak kang bumalik sa Amerika?”

Ilang sandaling natigilan ang lalaki, kapagkuwa’y ngumiti. Sumilay sa likod ng mamula-mula at manipis nitong mga labi ang mapuputi at pantay-pantay na ngipin. “Parang kakaiba ka ngayon,” tila sadyang pag-iiba nito sa usapan.

“Paanong kakaiba?”

“Nakikipag-usap ka sa ’kin nang ganyan. Nagtatanong. Hindi gaya ng dati na puro tango ka lang kapag magkausap tayo.”

“Ayaw mo ba ng ganoon?”

“Actually, mas gusto kong ganyan ka. Ibig sabihin nawawala na’ng pagkaalangan mo sa ’kin. Magiging mas maayos ang pagsasama natin bilang mag-asawa kung palagi kang ganyan.” Habang sinasabi iyon ay hinahaplos nito ang pisngi ng dalaga kasabay ng unti-unti nitong pagdikit sa kanya.

Lihim na napalunok si Annika. Sa totoo lang, sa edad niyang saradong beinte ay wala pang lalaking naglakas ng loob na lumapit nang ganoon sa kanya. Typical na istrikto kasi ang tatay niyang si Reden, kaya lumaki siyang mailap sa mga anak ni

Adan. Pero hindi iyon nakahadlang kay Brandon para magpakita ng interes sa kanya. Siguro ay dahil hindi rin niya maitago ang epekto sa kanya sa tuwing inilalapat nito sa kanya ang sarili.

Sino ang hindi maaapektuhan kapag dumikit ang isang Brandon Arguello na may napakaguwapong mukha at matipunong katawan? Pagkatapos ay maiisip pa ang prestihiyosong pangalan at yaman na taglay rin nito. Pati nga tatay niya ay nawala ang pagkaistrikto nang lumapit ang binata at hingin ang permisong mapakasalan siya.

Napahugot siya ng pigil na paghinga nang maramdaman ang pagdampi ng mainit nitong hininga sa kanyang pisngi. Napakalapit na ng mga labi nila sa isa't isa at gaya ng laging nangyayari tuwing magkakadikit sila nang ganoon ay kumakabog nang malakas ang dibdib ni Annika, hanggang sa wala na siyang magawa kundi pumikit na lang at tanggapin ang halik nito.

Pero kung kailan tila nalulunod na si Annika sa pagsimsim nito sa kanyang mga labi ay saka naman umalingawngaw ang sunod-sunod na busina. Kapwa sila napalingon.

“Boss, nandito na’ng mga order n’yo,” sabi ng lalaking umibis mula sa likuran ng elf truck na pumarada. Ilang construction materials ang karga niyon. Para iyon sa gazebo na ipinapagawa ni Brandon sa bakuran ng villa.

“Ah, sige. Sa banda roon n’yo na lang ibaba ’yan,” anang binata.

Nakaramdam ng hiya si Annika dahil alam niyang inabutan ng mga sakay ng truck ang paghahalikan nila. Agad siyang nagpaalam. “Ah, s’abi pala ni Nanay, pinapunta mo ’ko rito para pumili sa mga kuwarto rito ng magiging kuwarto natin. Tutuloy na ’ko sa itaas,” sabi niya saka mabilis na tumalikod.

---

Hiyang-hiya pa rin si Annika kahit nasa loob na siya ng bahay. Ilang ulit siyang lumingon para tingnan ang reaksiyon ng mga taong naiwan sa labas, pero hindi naman niya mabistahan nang mabuti ang mukha ng mga iyon. Dahil sa kakaligon ay hindi niya napansin na may makakasalubong pala siya nang lumiko siya sa isang pasilyo. Nagulat na lang siya nang mabangga niya iyon.

“Ano ba?” bulalas ni Brenda na nagsisilbi roon bilang kasambahay. Nabitiwan nito ang bitbit na timba at mop na panglampaso sa sahig gawa ng pagbabanggaan nila.

“Sorry, hindi ko sinasadya,” paumanhin niya.

“Ano ba’ng problema mo? Tingnan mo, naglawa na dito. Magagalit si Sir Brandon kapag nakita ito,” reklamo nito.

“Huwag kang mag-alala, sasabihin kong ako’ng may kasalanan.”

“Ganoon? Ngayon, magpapa-humble effect ka pa sa kanya sa expense ko.”

Napakunot-noo si Annika, pero hindi na siya nagtaka sa

sinabi ni Brenda. Kababata niya ito at sanay na siya sa ugali nito. Ni minsan ay hindi talaga sila nagturingan na magkaibigan. Maraming pagkakataon din kasing nagkaroon sila ng rivalry mula nang mga bata pa sila at tuwing tatalunin niya ito sa anumang paglabanan nila ay hindi nito iyon matanggap.

Para wala nang ipagmaktol si Brenda ay kusa na siyang kumilos para punasan ng mop ang natapon na tubig. Pero biglang sumulpot ang mayordoma ng villa na si Tiyang Emma at pinigilan siya.

“Naku, ano’ng ginagawa mo?” Binalingan nito si Brenda. “Bakit hinahayaan mo siyang gawin ’yan?”

Umismid ito. “Hindi pa naman sila kasal ni Sir Brandon, kaya hindi pa siya amo dito.”

“Pero ikakasal na sila kaya umayos ka. Hala, ikaw ang maglinis niyan,” utos nito sa kasambahay bago binalingan muli si Annika. “Teka, bakit ba kasi parang natataranta ka? Nakita kita, panay ang lingon mo habang papasok ka dito.”

Napakamot siya sa ulo.

“Si Brandon lang naman ang nakita kong kausap mo sa labas.” Gumuhit ang makahulugang ngiti sa mga labi ng matanda. “Hinahabol ka ba niya? Siguro may gusto siyang gawin n’yong dalawa, ’no?”

“N-naku, wala po...”

“Sus! Ayos lang ’yon. Magiging mag-asawa na kayo. Walang masama kung... alam mo na,” tila nanunuksong sabi pa nito.

Nag-init ang mga pisngi ni Annika. Nagpapayakap at nagpapahalik siya kay Brandon, pero hindi pa naman sila umaabot sa ibig nitong tukuyin. “Hindi pa po kami kasal...”

“Tama ’yan,” sabat ni Brenda. “Matagal pa ang isang linggo. Puwedeng may mangyari pa na maging dahilan para hindi matuloy ang kasal n’yo. Kaya hindi ka pa dapat bumigay sa kanya. Kung... hindi mo pa ’yun nagagawa.”

“At ano naman ang puwedeng maging dahilan para hindi matuloy ang kasal nila?” lingon dito ni Tiyang Emma.

“Kapag nalaman ni Sir ang tunay na rason kung bakit pumayag si Mang Reden na makasal sa kanya si Annika.”

“Ano ba’ng ibig mong sabihin?” hindi na nakatiis na tanong ng dalaga.

“Alam ng lahat kung gaano kaistrikto ang tatay mo, di ba? Pero walang kaabug-abog, pumayag siyang makasal ka kay Sir Brandon kahit halos kakabalik pa lang dito n’ung tao. Sino nga ba naman ang tatangi na makasal ang anak niya sa isang Brandon Arguello? Siyempre, hindi si Mang Reden na ang tanging inaasam sa buhay ay mabawi ang dating lupa n’yo na nabenta sa mga Arguello nang magkasakit ang nanay mo.”

Napahalukip si Annika. Bata pa siya nang maibenta sa

mag-asawang Ronald at Bernadette Arguello ang lupa na sinasaka ng tatay niya. Mahalaga kay Reden ang lupang iyon dahil minana pa nito iyon sa mga magulang, pero isinakripisyo nito iyon para matustusan ang pagpapaopera at pagpapa-chemotherapy ng kanyang ina na dinapuan ng stage three breast cancer. Pero nangako ito na babawiin ang lupa sa anumang paraan.

Kaya nga lang, naka-recover na ang nanay niya, namatay na at lahat ang mag-asawang Arguello at lumipas na ang mahigit sampung taon pero hanggang ngayon, ang lupain na iyon ay nananatiling bahagi ng *Arguello Property*.

“Hindi ka ba nagtataka kung bakit basta na lang pumayag ang tatay mo na makasal ka kay Sir Brandon samantalang hindi ka naman talaga niya niligawan nang pormal?” patuloy ni Brenda. “Ni hindi nga kayo naging mag-on, eh.”

Nagtaas siya ng noo. Hindi niya maikaila na may punto ang kababata sa mga sinasabi. Nagpapakita nga ng interes sa kanya si Brandon, pero alam niyang hindi puwedeng ituring na panliligaw ang nakawan siya ng yakap at halik sa tuwing makakakita ito ng pagkakataon.

Kaya nga nagulat pa rin si Annika nang isang araw ay datnan niya sa bahay nila ang binata at kausap ang mga magulang niya. Noon mismo ay hiningi nito kina Reden at Edith ang kamay niya.

Ilang araw matapos ang ginawang iyon ng lalaki ay itinuturing na ng buong bayan si Annika na pinakamasuwerte

sa lahat ng babae sa kanilang lugar. Kahit ilang panahon ding napabayaan ang *Arguello Property*, mayaman pa rin ang tingin ng lahat sa nagmamay-ari niyon.

Pero hindi sumagi sa isip ni Annika ang posibilidad na sa pamamagitan ng pagpayag na makasal siya sa tagapagmana ng mga Arguello ay hahangarin ng tatay niya na mabawi ang dati nilang lupain. Para sa kanya, naniniwala lang ito na mapapabuti siya. Hindi na niya kailangang magtrabaho bilang crew sa isang fastfood restaurant sa kabisera kapag Mrs. Arguello na siya. At posibleng maipagpatuloy pa niya ang pag-aaral niyang natigil gawa ng kakapusan nila sa pera.

“Gusto ni Mang Reden na mabawi ang lupa ninyo kaya siya pumayag na makasal ka kay Sir Brandon. Kapag na-realize iyon ni Sir, posibleng matauhan siya at kapag nagkaganoon at halimbawang may namagitan na sa inyo, baka maiwan kang isang disgrasyada,” patuloy ni Brenda.

“Puwes, hindi mangyayari ’yang sinasabi mo dahil sigurado naman na nasa katinuan si Sir nang hingin niya kina Reden at Edith ang permiso na mapakasalan si Annika,” ani Tiyang Emma. “Kaya tigil-tigilan mo ’yang sinasabi mo at baka ikaw ang matauhan kapag naiumpog kita sa pader.”

Sa narinig na iyon ay nakaismid na iniwan sila ng kasambahay. Bitbit nito ang timba at mop nang lumayo.

“Huwag mong pansinin ang pinagsasabi ng isang iyon,”

anang mayordoma nang sila na lang ang naroon. “Inggit lang iyon sa suwerteng dumapo sa iyo.”

“Pero tama naman po siya. Hindi po talaga ako niligawan ni Brandon nang pormal. N’ung hiningi niya sa mga magulang ko ang permisong mapakasalan ako, iyon ang unang pagkakataon na tumuntong siya sa bahay namin,” sabi niya saka nagbuntung-hininga.

---

May kabuuang pitong kuwarta sa second floor ng *Villa Arguello*. Karamihan sa mga iyon ay walang umookupa at ginagawa na lang taguan ng mga bagay na hindi na ginagamit. Ang pinananatili lang na maayos ay ang kuwartaong tinutuluyan ni Judge Vitaliana Dela Vega kapag bumibisita ito roon.

Si Judge Dela Vega ang tiyahin na nagpalaki at nagpaaral sa mama ni Brandon na si Bernadette. Pero mula nang ma-stroke ang matanda ay hindi na ito napunta roon. Alam ng lahat na kasalukuyan itong nasa Amerika at nagpapa-therapy.

Ang tanging okupadong kuwarta roon ay ang sinisilip ngayon ni Annika; ang kuwarta ni Brandon. Sa nakikita niya ay wala iyong ipinagbago. Gaya pa rin iyon kung paano nila inayos ng ina niyang si Edith seven months ago, nang mapabalitang uuwi roon ang nag-iisang tagapagmana ng *Arguello Property*. Kung tutuusin ay parang doon na rin sila unang nagkita ng lalaking ngayon ay mapapangasawa na niya. Hindi pa rin niya

nakakalimutan ang tagpong iyon.

*“Oh!” unang reaksiyon ni Brandon nang mabungaran sa pinasukan na silid noon ang isang dalaga.*

*Nagulat din si Annika. Iyon ang unang pagkakataon na nakaharap niya ang full grown man nang si Brandon Arguello. Teenager pa lang ito nang umalis sa bayan na iyon matapos mamatay ang mga magulang nito sa helicopter crash. Dahil menor de edad, napunta ang custody nito sa natitira nitong pinakamalapit na kamag-anak, ang dating guardian ng mama nito na isang RTC judge sa Manila.*

*Nakikita niya ito noon, pero dahil bata pa siya ay hindi niya naa-appreciate ang sinasabi ng iba na kaguwapuhan daw nito. Ngayon, sa nakikita niya ay may katotohanan naman iyon.*

*Matangkad ito, close to six feet ang height sa tantya niya. Mukhang hindi nga lang umepekto rito ang ilang taong paninirahan sa Manila at later on ay sa Amerika dahil kulay Pinoy pa rin ito. Mild lang ang features ng mukha ng lalaki. Magaganda ang mata, katamtaman ang tangos ng ilong at manipis ang mga labi.*

*“Isa ka ba sa sinasabi nilang sorpresang inihanda nila sa pagdating ko?” tanong nito habang hinahagod siya ng tingin na animo ay sinusuri ang kanyang katawan. “Mukhang hindi na importante kung may iba pa silang inihanda. I think you’re more than enough.”*

*Dinepensahan ni Annika ang sarili. “Nagkakamali po kayo.*

*Hindi po ako bagay para ipangregalo sa pagdating n'yo."*

*"Ah, talaga?" Naghalukipkip ito. "Who are you, then?"*

*Ang biglang pagsulpot ni Edith ang naging sagot sa tanong na iyon ni Brandon.*

*"Sir, nagustuhan mo ba'ng ayos ng kuwarto mo?" tanong nito. Nagulat pa ito nang makita roon ang anak. "Annika, ano'ng ginagawa mo rito?"*

*"Ipinasok ko lang po ito." Inilapag ng dalaga ang hawak pang flower vase sa ibabaw ng bedside table. "Naisip ko kasing mas maganda kung may bulaklak dito kaya nagdala ako."*

*"Ah, oo, maganda nga 'yon," sang-ayon ng ina saka binalingan ang binata. "Kami ang tinawag ni Emma para tumulong sa kanila na ayusin itong bahay n'yo para sa pagdating mo. Itong anak ko naman ang nag-iisip kung paano pagagandahin itong kuwartong inihanda namin para sa iyo. Nakita mo naman, hanggang sa huli may idinagdag pa siya."*

*"Kung ganoon, anak n'yo pala siya," anang lalaki.*

*"Oo, nag-iisang anak ko. Hindi mo na siguro siya natatandaan. Bata pa kasi siya n'ung umalis ka rito."*

*"Siguro nga. Kung malaki na siya noon siguradong hindi ko siya makakalimutan. Hindi ako madaling makalimot sa mga magaganda."*

*“Naku! Nagmana ka pala sa papa mong si Sir Ronald. Palabiro ka rin.” Hinawakan ni Edith sa braso ang anak nito at binulungan. “Magpasalamat ka.”*

*“Po?” Napaangat ang isang kilay ni Annika.*

*“Sinabihan ka niyang maganda ka, kaya magpasalamat ka.”*

*May kasamang munting kurot ang utos na iyon ng kanyang ina kaya sumunod ang dalaga. “Salamat.”*

*Ngumiti ang lalaki. “You’re welcome.”*

*Bago natapos ang pagtatagpo nilang iyon ay pinabaunan pa siya ni Brandon ng isang kindat nang lumabas sila sa kuwarto nito.*

Ang ganoong engkuwentro nila ay maraming ulit pang nasundan dahil madalas silang nagkakatagpo sa mga bahagi ng *Arguello Property* na nakasanayan na niyang pasyalan at ngayon ay personal na nitong pinamamahalaan. At tuwing magkakatagpo sila, hindi ito nangingiming magpakita ng interes sa kanya.

Nang una ay sinusubukan niya itong iwasan, pero sa tuwing hahapitin nito ang baywang niya padikit sa katawan nito at aakma itong hahalikan siya ay parang may kung anong nag-uutos sa kanya na pumikit na lang at hayaan itong gawin iyon.

Hanggang isang araw ay nagulat na lang siya nang datnan ang lalaki sa bahay nila, kausap ang mga magulang niya. At ang resulta ng pag-uusap na iyon ay malapit nang magkaroon ng katuparan isang linggo mula sa araw na iyon.